

GRADE
2

# Leveled Reader
## in Filipino

# Alamin Natin ang mga Anyong-Tubig sa Pilipinas!



Kuwento ni Yvette Tan
Salin sa Filipino ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Rea Diwata Mendoza
Litrato nina Mark John Antido, Jan Michael Benafin, Dexter Fabito, at ng Filipinas Heritage Library




Ang Pilipinas ay binubuo ng maraming isla. Ang kalupaan nito ay pinaliligiran ng maraming anyong-tubig.

Alamin natin ang iba't ibang anyong-tubig na ito!




Nakakita ka na ba ng lawa na may bulkan sa gitna? Ganito ang Lawa ng Taal sa probinsiya ng Batangas. Sa gitna ng lawa nito ay ang Bulkang Taal. Alam ba ninyong may isa pang lawa sa loob ng Bulkang Taal? Pambihira talaga!



Maraming turistang pumupunta sa Lawa ng Taal at sa Bulkang Taal. Sumasakay sila ng bangka patungo sa bulkan, na kanilang inaakyat. Marami ang nakikinabang sa lawang ito.



Alam mo ba kung ano ang pinakamahahabang ilog sa Pilipinas?
Ang Cagayan River ang pinakamahahaba
at pinakamalaking ilog sa Pilipinas. Apat na probinsiya ang binabaybay nito.




Dinaraanan rin ng Cagayan River ang ilang natitirang kakahuyan sa Pilipinas.

Binubuhay ng tubig nito ang iba't ibang uri ng halaman at hayop.




Nakakita ka na ba ng talon? Dapat mong makita ang Maria Cristina Falls sa lungsod ng Iligan sa Lanao del Norte. Ang Maria Cristina Falls ay kilala rin bilang kambal na talon.



Napakahalaga ng Maria Cristina Falls sa Mindanao. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng koryente sa rehiyon. Ang uri ng koryenteng nalilikha ng talon ay tinatawag na *hydroelectric power*.



Alam mo ba kung ano ang bukal? Ito ang pinakamaliit na anyong-tubig. Mula sa ilalim ng lupa ang tubig ng bukal. May mga bukal na mainit ang tubig!



Isa sa kilalang bukal ay ang Tiwi Hot Springs sa Bikol. Matatagpuan ito malapit sa Bulkang Mayon. Maraming pumupunta sa Tiwi Hot Springs dahil nakagagaling daw ng sakit ng kalamnan ang maglublob sa mainit nitong tubig. Ang paglabas ng mainit na tubig na ito mula sa lupa ay pinagmumulan din ng koryente.



Pambihira talaga ang mga anyong-tubig sa Pilipinas!

Kapaki-pakinabang pa ang bawat isa. Anong mga anyong-tubig ang matatagpuan sa inyong lugar?

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY
USAID
INTERNATIONAL DEVELOPMENT

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE